# Misa para sa Pangangalaga sa Sangnilikha

DIKASTERYO PARA SA PAGSAMBA SA DIYOS
AT KAAYUSAN NG MGA SAKRAMENTO

Prot. N. 283/24

# DEKRETO

## Ukol sa Pormularyo at mga Pagbasa na Gagamitin para sa Misa "para sa Pangangalaga sa Sangnilikha"

"Pinupuri Ka ng Iyong mga nilikha upang mahalin Ka namin, at minamahal Ka namin upang sa gayon purihin Ka ng Iyong mga nilikha." — (San Agustin, *Confesiones*, XIII, 13,33).

Ang hiwaga ng sangnilikha ang siyang pasimula ng kasaysayan ng kaligtasan—isang kasaysayang nakatatagpo sa rurok nito kay Kristo, at nagkakamit ng liwanag sa pamamagitan ng Kanyang misteryo. Sapagkat, ipinamalas ng Diyos ang Kanyang kabutihan sa pamamagitan ng paglikha: "Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa" (Gen 1:1), na noon pa ma'y nilayon na Niya ang kaluwalhatian ng bagong sangnilikha kay Kristo.

Hinihikayat tayo ng Banal na Kasulatan na pagnilayan ang hiwaga ng sangnilikha at pasalamatan nang walang humpay ang Banal na Santatlo para sa biyayang ito—isang tanda ng kagandahang-loob na tulad ng isang kayamanan na dapat nating mahalin, pangalagaan, pagyamanin, at ipamana sa bawat salinlahi.

Sa kasalukuyan, kitang kita ang matinding panganib na kinakaharap ng sangnilikha dahil sa walang pakundangang paggamit at pang-aabuso sa mga yaman ng mundo—mga yamang ipinagkatiwala ng Diyos sa ating pangangalaga.

Dahil dito, minamarapat na idagdag sa *Mga Misa para sa Iba't Ibang Pangangailangan* ng Aklat ng Pagmimisa sa Roma ang isang formularyong pinamagatang "Para sa Pangangalaga sa Sangnilikha."

Sa Banal na Eukaristiya, "ang sangnilikha na nagmula sa kamay ng Diyos ay nagbabalik sa Kanya sa masaya at ganap na pagsamba. Sa Tinapay ng Eukaristiya, 'ang sangnilikha ay inaakay patungo sa pagiging banal, sa piging ng kasal, at sa pakikipagkaisa sa Manlilikha.' Kaya't ang Eukaristiya ay bukal din ng liwanag at lakas para sa ating malasakit sa kalikasan—inaakay tayo nito upang maging mga tunay na tagapangalaga ng buong sangnilikha" (cf. *Laudato Si'* 236).

Ang pormularyong ito, kasama ang mga kaukulang pagbasa mula sa Banal na Kasulatan, ay inihanda sa wikang Latin, pinagtibay ng Kabanal-banalang Papa Leon XIV, at ipinag-uutos na ipalaganap sa lahat. Ngayon, ito ay pormal na ipinahahayag at

tinuturing na opisyal ng Dikasteryo para sa Pagsamba sa Diyos at Kaayusan ng mga Sakramento.

Anumang salungat sa mga nasabing ito ay pinawawalang-bisa.

Mula sa Tanggapan ng Dikasteryo para sa Pagsamba sa Diyos at Kaayusan ng mga Sakramento,

Ika-8 ng Hunyo 2025, sa Kapistahan ng Pentecostes.

**Arturo Card. Roche**
*Prefect*

**+ Vittorio Francesco Viola, O.F.M.**
*Arsobispong Kalihim*

## MISA PARA SA PANGANGALAGA SA SANGNILIKHA

**Pambungad** Awit 18:2

*Langit ay nagpapahayag*
*luwalhati mo at liyag*
*at ang buong kalawakan*
*umaawit, nagpupugay*
*likha ng 'yong mga kamay.*

### PANALANGING PAMBUNGAD

Ama naming makapangyarihan,
tinawag mo ang lahat ng bagay upang umiral,
sa pamamagitan ni Kristo, ang panganay ng sangnilikha.
Ipagkaloob Mo, isinasamo namin,
na sa pagtalima sa patnubay ng Iyong Espiritung bumubuhay,
ay mapangalagaan namin nang may pagmamahal
ang gawa ng Iyong mga kamay.
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming lumikha,
tanggapin mo ang mga bungang ito ng lupa at ng aming mga kamay;
ganapin Mo sa mga ito ang gawain ng Iyong paglikha,
upang, sa pagbabagong dulot ng Espiritu Santo,
ang mga ito ay maging pagkain at inumin
ng buhay na walang hanggan para sa amin.
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**Pakikinabang** Awit 97:3

*Buong mundo ay namalas*
*liwanag ng pagliligtas*
*nang si Hesus ay nahayag*
*handog ay buhay na ganap*
*kaligtasan naming lahat.*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Ama naming mapagmahal,
nawa ang Sakramento ng pagkakaisa na aming tinanggap,
ay magpalalim ng aming pakikiisa sa Iyo at sa aming kapwa,
upang sa pag-asam namin sa bagong langit at bagong lupa,
ay matutunan naming mamuhay nang may pagkakaisa
kasama ng lahat ng Iyong nilikha.
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

Ang Misa para sa Pangangalaga sa Sangnilikha ay isasama sa Aklat ng Pagmimisa sa Roma (2009) sa hanay ng Mga Pagdiriwang ng Misa at Mga Panalangin para sa Iba't Ibang Mga Pangangailangan, sa Bahagi II: Para sa Bansa.

Ang paggamit nito ay saklaw ng Mga Kabanata VII at VIII ng *Pangkalahatang Tagubilin ng Aklat ng Pagmimisa sa Roma* at ng mga tagubilin na matatagpuan sa simula ng bahagi ng Mga Pagdiriwang ng Misa at Mga Panalangin para sa Iba't Ibang Mga Pangangailangan.

# MGA PAGBASA MULA SA BANAL NA KASULATAN

## PAGBASA MULA SA MATANDANG TIPAN

Karunungan 13:1–9

***Kung kaya nilang siyasatin ang sanlibutan,***
***bakit kay tagal nilang matagpuan ang Panginoon nito?***
*[Leksyonaryo 495; Ika-32 Linggo; Taon I; Biyernes]*

## PAGBASA MULA SA BAGONG TIPAN

Colosas 1:15–20

***Nilikha ang lahat sa pamamagitan ni Kristo***
***at para kay Kristo.***
*[Leksyonaryo 435; Ika-22 Linggo; Taon I; Biyernes]*

## SALMONG TUGUNAN

Awit 19 (18):2-3. 4-5

R/ (2a)**:** Ipinapahayag ng langit ang kaluwalhatian ng Diyos.
*[Leksyonaryo 495; Ika-32 Linggo; Taon I; Biyernes]*

Awit 104 (103):1-2a, 5-6, 10 and 12, 24 and 35c

R/ (31b)**:** *Magalak nawa ang Panginoon sa Kanyang mga gawa.*
*[Leksyonaryo 329; Ika-5 Linggo; Taon I; Lunes]*

## ALELUYA/ AWIT-PAMBUNGAD SA MABUTING BALITA

*Salmo 104:24*

**Kay rami ng Iyong mga gawa, O Panginoon!**
**Nilikha Mo silang lahat sa karunungan.**

*1 Cronica 29:11d, 12b*

**Iyo, O Panginoon, ang kaharian;**
**Ikaw ang naghahari sa lahat.**

## MABUTING BALITA

Mateo 6:24–34

***Huwag kayong mabalisa tungkol sa kinabukasan.***
*[Leksyonaryo 82; Ika-8 Linggo sa Karaniwang Panahon; Taon A]*

Mateo 8:23–27

***Inutusan ni Hesus ang hangin at dagat,***
***at nagkaroon ng ganap na katahimikan.***
*[Leksyonaryo 378; Ika-13 Linggo; Taon I; Martes]*